

## Apendiks T2: Protokol para sa Plano sa Pangangasiwa ng Pagkakalantad sa COVID-19 sa mga K-12 na Paaralan

**Kamakailang mga Pagbabago:** (Mga pagbabago ay naka-highlight sa dilaw)

**12/19/2020:**

- Ang mga K-12 na paaralan ay inatasan na abisuhan ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa lahat ng kaso ng COVID-19 sa hanay ng mga empleyado at mga bata na napunta sa paaralan sa anumang punto sa loob ng 14 na araw bago magkasakit. Ang mga kaso nang huli sa kampus nang higit 14 na araw bago magkasakit ay hindi na kailangang iulat ng entidad ng K-12 na paaralan sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan.
- Ang depinisyon ng isang malapitang nakasalamuha ay binago upang isama ang isang indibidwal na nasa loob ng 6 na talampakang layo sa isang nahawaang tao para sa kabuuan na 15 minuto o higit pa sa 24 na oras na panahon.
- Ang inaatas na panahon ng quarantine para sa mga indibidwal na malapitang nakasalamuha ng isang taong nasuri (diagnosed) na may COVID-19 ay pinaikli na. Ang mga malapitang nakasalamuha na nananatiling walang mga sintomas (asymptomatic) ay maaaring ilabas na mula sa pag-quarantine pagkatapos ng ika-10 Araw ngunit dapat na magpatuloy na subaybayan ang kanilang kalusugan at mahigpit na sumunod sa mga pag-iingat sa pag-iwas sa COVID-19 hanggang sa ika-14 na Araw.

**11/28/2020:** Ang mga K-12 na Paaralan (K-12 Schools) na may isang pagsiklab ay dapat magsara ng 14 na araw. Idinagdag ang ugnay sa COVID-19 Toolkit ng TK-12 na Paaralan.

Isang nakatuon na pagtugon ng pampublikong kalusugan (targeted public health response) para pigilin ang mga pagkakalantad sa COVID-19 sa antas ng komunidad (community level) ay maaaring makatulong para labis na palakasin ang epekto ng pagtugon ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (DPH o Public Health) sa COVID-19.

Ang mga Paaralang Primarya at Sekundaryo na nagsisilbi sa mga mag-aaral mula Kindergarten hanggang Grade 12 (K-12 Schools) ay mga mapagkakatiwalaang kasama sa komunidad na maaaring makatulong sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan para mapabuti ang pagiging maagap at epekto ng pagtugon ng Pampublikong Kalusugan sa pamamagitan ng agarang pagsisimula ng isang Plano sa Pangangasiwa ng Pagkakalantad sa COVID-19 (COVID-19 Exposure Management Plan o EMP). Ang agarang pagpapatupad ng isang EMP kapag ang isang kaso ng COVID-19 ay natukoy sa paaralan ay maaaring mapabilis ang kakayahan na pigilan ang pagkalat ng impeksyon at maiwasan na maganap ang mga pagkalat.

Ang mga hakbang para sa pangangasiwa ng pagkakalantad (exposure management) sa 1, 2, at 3 o higit pang mga kaso ng COVID-19 sa mga K-12 Schools ay inilarawan sa ibaba at ibinuod sa Apendiks A. Dahil magkakaiba ang antas ng mapagkukunang gamit (level of resources) para sa pamamahala ng pagkakalantad sa COVID-19 ng mga K-12 Schools, ang mga *kailangang hakbang* ay ang mga pinakamababang elemento na dapat maisama sa EMP. Ang *mga nirekomendang hakbang* ay kinabibilangan ng mga opsyonal na elemento para sa pamamahala ng pagkakalantad kung saan ang mga mapagkukunan ng paaralan ay sapat. Ang mga karagdagang makukunang gamit (resources) para sa mga K-12 Schools ay matatagpuan

sa [COVID-19 Toolkit ng TK-12 na Paaralan](#).

### Pagpapalano sa Pamamahala ng Pagkakalantad Bago Kilalanin ang 1 Kaso ng COVID-19 sa Paaralan

- Kailangan:* Isang itinalagang Puwersa sa Pagsunod ng Gawain laban sa COVID-19 sa Paaralan (School Compliance Task Force) na responsable para sa pagpapatatag at pagpapatupad ng lahat ng mga protokol sa kaligtasan sa COVID-19 at pagtitiyak na ang mga kawani at mag-aaral ay makakatanggap ng edukasyon tungkol sa COVID-19. Isang itinalagang COVID-19 Opisyal ng Pagsunod (Compliance Officer) na magsisilbing isang tagapag-ugnay (liaison) sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan para sa pagbabahagi ng nasa antas ng lugar (site-level) na impormasyon upang mapadali ang aksyon ng pampublikong kalusugan.
- Kailangan:* Ang Paaralan ay dapat na sumunod sa gabay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa [Mga Landas ng Desisyon](#) para sa mga taong nasuri na positibo para sa mga sintomas bago ang pagpasok sa paaralan o habang nasa paaralan.
- Kailangan:* Isang plano para sa lahat ng mga mag-aaral at empleyado na may mga sintomas na tumutukoy sa impeksyon ng COVID-19 o naka-quarantine dahil sa pagkakalantad sa (mga) kaso sa paaralan na magkaroon ng akses sa pagsuri (testing) o masuri para sa impeksyon ng COVID-19.

### Pamamahala ng Pagkakalantad para sa 1 Kaso ng COVID-19 sa Paaralan

- Kailangan:* Pagkatapos na malaman ang 1 kaso ng COVID-19 na kumpirmado ng laboratoryo (mag-aaral o empleyado), inatasan ng Puwersa sa Pagsunod ng Gawain sa Paaralan ang kaso na sundin ang mga Tagubilin sa Pagbubukod sa Bahay (Home Isolation Instructions) para sa COVID-19 ([ph.lacounty.gov/covidisolation](http://ph.lacounty.gov/covidisolation)).
- Kailangan:* Ipagbibigay-alam ng Puwersa sa Pagsunod ng Gawain sa Paaralan sa kaso na ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay direktang makikipag-ugnayan sa kaso sa pamamagitan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan Kaso at Kontak Programa ng Pagsisiyasat (Case and Contact Investigation Program) para kumuha ng karagdagang impormasyon at maglabas ang Utos ng Opisyal ng Kalusugan para sa Pagbubukod ng Kaso (Case Isolation).
- Kailangan:* Ang Opisyal sa Pagsunod ng Paaralan (School Compliance Officer) ay dapat na abisuhan ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa lahat ng mga kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa hanay ng mga empleyado at mga bata na napunta sa paaralan sa anumang punto sa loob ng 14 na araw bago magkasakit at mga tao sa paaralan na nalantad. Ang pag-uulat ay dapat na gawin sa pamamagitan ng email sa pagkukumpleto ng [COVID-19 Kaso at Kontak Listahan ng Linya para sa Sektor ng Edukasyon](#) at pagpapadala ng kinumpletong listahan ng linya sa [ACDC-Education@ ph.lacounty.gov](mailto:ACDC-Education@ph.lacounty.gov) sa loob ng 1 araw na may pasok (1 business day) pagkatapos na maabisuhan sa isang kaso.
- Ang isang kaso ay itinuturing na nakakahawa mula sa 2 araw bago ang kanilang mga sintomas ay unang lumitaw hanggang sa panahon na sila ay hindi na kailangang ibukod (hal., walang lagnat sa hindi bababa sa 24 na oras, ng hindi gumagamit ng gamot na nakapagpapababa ng lagnat, AT ang iba pang mga sintomas ay bumuti na, AT hindi

bababa sa 10 araw na ang lumipas mula ng unang lumitaw ang mga sintomas). Ang isang tao na positibong nasuri sa COVID-19 ngunit walang mga sintomas ay itinuturing na nakakahawa mula 2 araw bago magpasuri hanggang sa 10 araw pagkatapos ng kanilang pagsusuri.

- Ang isang tao ay itinuturing na nalantad kung isa sila sa mga sumusunod:
  - Isang indibidwal na nasa 6 na talampakan ang layo sa nahawaang tao ng higit sa 15 minuto sa loob ng 24 na oras, kahit na nakasuot ng isang hindi-medikal na pantakip ng mukha;
  - Isang indibidwal na nagkaroon ng hindi protektadong kontak sa likido ng katawan ng nahawaang tao at/o mga inilalabas ng katawan ng isang taong kumpirmado o pinaghihinalaan na may COVID-19 (hal., naubuhan o nabahingan, pagsasalo-salo ng mga kubyertos o laway, o pagkakaloob ng pangangalaga ng hindi gumagamit ng naaangkop na pamprotektang kagamitan).
  - Mga taong naroon sa isang pangkat o silid-aralan kasama ang isang nahawaang tao sa panahon na sila ay nakakahawa.

□ *Kailangan:* Ang mga mag-aaral at empleyado na nalaman na nagkaroon ng pagkakalantad sa kaso sa paaralan ay inaabisuhan ng Puwersa sa Pagsunod ng Gawain sa Paaralan (School Compliance Task Force) tungkol sa pagkakalantad sa pamamagitan ng isang sulat o iba pang mga estratehiya ng komunikasyon. Ang isang Template ng Sulat ng Abiso sa Pagkakalantad sa Paaralan ay available sa: [COVID-19 Template ng Sulat ng Abiso para sa mga Setting ng Edukasyon](#). Dapat na isama sa abiso ng pagkakalantad ang mga sumusunod na mensahe:

- Ang mga mag-aaral at empleyado na may pagkakalantad sa kaso ay dapat na masuri para sa COVID-19, maging sila man ay may mga sintomas o wala, at ipagbigay-alam sa paaralan ang mga resulta ng pagsusuri. Tutukuyin nito ang lawak ng pagkalat ng sakit sa paaralan at magsisilbing batayan para sa mga karagdagang hakbang sa pagkontrol. Ang mga mapagkukunan ng pagsusuri ay kinabibilangan ng: mga Serbisyo sa Kalusugan ng Empleyado o mga Serbisyo sa Kalusugan sa trabaho (Employee Health Services or Occupational Health Services), Sentro sa Kalusugan ng mag-aaral (Student Health Center), Tagabagbigay ng Pangangalaga sa Kalusugan (Personal Healthcare Providers), Lugar (Site) sa Pagsubok sa Komunidad (Community Testing Sites): [covid19.lacounty.gov/testing](https://covid19.lacounty.gov/testing). Ang mga indibidwal na nangangailangan ng tulong sa paghahanap ng isang medikal na tagapagbigay (medical provider) ay maaaring tumawag sa LA County linya ng Impormasyon 2-1-1, na magagamit 24/7.
- Ang mga nalantad na mag-aaral at empleyado ay dapat na mag-quarantine ng sarili (manatili sa kanilang bahay o isa pang tirahan, hiwalay sa ibang tao) at magsubaybay para sa mga sintomas nang 10 araw mula sa kanilang huling pakikisalamuha sa kaso habang ito ay nakakahawa (tulad ng tinukoy sa itaas), kahit na sila ay nakatanggap ng negatibong resulta ng pagsuri sa panahon ng kanilang quarantine. Kung sila ay mananatiling walang sintomas (asymptomatic), sila ay ilalabas na mula sa pag-quarantine pagkatapos ng ika-10 Araw ngunit dapat na patuloy na subaybayan ang kanilang kalusugan at mahigpit na sumunod sa mga pag-iingat sa pag-iwas sa COVID-19 hanggang ika-14 na Araw. **Tandaan:** Ang isang tao na nasuring negatibo ay maaaring magkaroon ng sakit kalaunan, may mga sintomas man o wala, kung nasuri noong panahon ng incubation (ang panahon sa pagitan ng pagkakalantad at pagsisimula ng sakit). Ang Gabay para sa Pagquarantine sa Bahay ay magagamit sa: [ph.lacounty.gov/covidquarantine](https://ph.lacounty.gov/covidquarantine).

- Direktang makikipag-ugnayan ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa mga nalantad na mag-aaral at empleyado sa pamamagitan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan Kaso at Kontak Programa (Case and Contact Investigation Program) ng pagsisiyasat para magtipon ng karagdagang impormasyon at ilabas ang Utos ng Opisyal ng Kalusugan para sa Pag-quarantine.

*Nirerekomenda:* Tutukuyin ng Puwersa sa Pagsunod ng Gawain sa Paaralan kung kakailanganin ang karagdagang abiso para ipagbigay-alam sa mas malawak na komunidad ng paaralan ang tungkol sa pagkakatantad sa paaralan at mga pag-iingat na ginagawa para pigilin ang pagkalat ng COVID-19. Ang isang pangkalahatang template ng sulat ng abiso ay makukuha sa: [COVID-19 Template ng Sulat ng Abiso para sa mga Setting ng Edukasyon](#).

### **Pamamahala ng Pagkakatantad para sa 2 Kaso ng COVID-19 sa Paaralan sa Loob ng 14 na araw na Panahon**

*Kailangan:* Pagkatapos na kilalanin ang 2 kaso na kumpirmado ng laboratoryo (mga mag-aaral at/o mga empleyado) sa loob ng 14 na araw na panahon, susunod ang paaralan sa mga *kinakailangang* hakbang inilaan para sa 1 kumpirmadong kaso.

*Nirerekomenda:* Tutukuyin ng Puwersa sa Pagsunod ng Gawain sa Paaralan kung ang 2 kaso ay epidemiolohikang may koneksyon (epidemiologically linked), nangangahulugan na ang dalawang naapektuhang indibidwal ay parehong naroroon sa parehong kapaligiran sa parehong oras ng panahon habang ang isa sa kanila o kapwa sila ay nakakahawa.\*

*\*Ang isang kaso ay itinuturing na nakakahawa mula 2 araw bago ang kanilang mga sintomas ay unang lumitaw hanggang sa panahon na sila ay hindi na kailangang ibukod (hal., walang lagnat sa hindi bababa sa 24 na oras, ng hindi gumagamit ng gamot na nakapagpapababa ng lagnat, AT ang iba pang mga sintomas ay bumuti na, AT hindi bababa sa 10 araw na ang lumipas mula ng unang lumitaw ang mga sintomas). Ang isang tao na positibong nasuri sa COVID-19 ngunit walang mga sintomas ay itinuturing na nakakahawa mula 2 araw bago kinunan ang kanilang pagsusuri hanggang sa 10 araw pagkatapos ng kanilang pagsusuri.*

- Ang pagtukoy ng mga epidemiolohikal na koneksyon (epidemiological link) sa pagitan ng mga kaso ay maaaring kakailanganin ng karagdagang imbestigasyon para matasa (ma-assess) ang kasaysayan ng pagkakatantad, at kilalanin ang mga posibleng lokasyon at mga tao na maaaring nalantad sa kaso habang ito ay nakakahawa sa lugar/site. TANDAAN: Ang mga kaso na may epidemiolohika na koneksyon ay kinabibilangan ng mga tao na may mga natutukoy na koneksyon sa isa't isa tulad ng pagbabahagi ng isang pisikal na espasyo (hal. nasa isang silid-aralan, opisinang lugar sa kampus, o pagtitipon), na nagpapahiwatig ng isang mas mataas na posibilidad ng konektadong pagkalat ng sakit sa ganong kapaligiran sa halip na manakanakang transmisyon mula sa mas malawak na komunidad. Ang isang kasangkapan para tumulong sa pagtatasa (assessment) ng mga epidemiolohika na koneksyon ay makukuha sa: [COVID-19 Pagkakatantad Worksheet ng Pagsisiyasat para sa Sektor ng Edukasyon](#). Para sa teknikal na tulong sa kung paano tasahin para sa mga epidemiolohika na koneksyon, mangyaring makikipag-ugnayan sa [ACDC-Education@ph.lacounty.gov](mailto:ACDC-Education@ph.lacounty.gov).
- Kung walang mga epidemiolohika na koneksyon, magpapatuloy ang paaralan sa nakagawiang pamamahala ng pagkakatantad.
- Kung mayroong mga epidemiolohika na koneksyon, muling pagtitibayin ng paaralan ang mga mensahe sa mga mag-aaral at empleyado tungkol sa mga pag-iingat na gagawin para pigilin

ang pagkalat sa paaralan, kabilang ang pagpapatupad ng partikular sa lugar na mga interbensyon.

**Pamamahala ng Pagkakalantad para sa  $\geq 3$  Kaso ng COVID-19 sa Paaralan sa Loob ng 14 na araw na Panahon**

*Kailangan:* Kung nalaman ng paaralan ang isang kumpol (cluster) ng 3 o higit pang kaso na kumpirmado ng laboratoryo (mga mag-aaral at/o empleyado) sa loob ng 14 na araw, ang paaralan ay dapat na ituloy ang mga sumusunod na hakbang:

- Iulat **agad** ang kumpol (cluster) sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa Pagkontrol na Malubhang Nakahahawang Sakit (Acute Communicable Disease Control (ACDC)) Koponan ng Sektor ng Edukasyon (Education Sector Team) sa loob ng 1 araw ng negosyo sa pamamagitan ng pag-email sa: [ACDC-Education@ph.lacounty.gov](mailto:ACDC-Education@ph.lacounty.gov) o sa pagtawag sa (888) 397-3993 o (213) 240-7821.
- Kumpletuhin ang *Listahan ng Linya para sa mga Kaso at Kontak* (Line List for Cases and Contacts), na makukuha sa: [COVID-19 Kaso at Kontak Listahan ng Linya para sa Sektor ng Edukasyon](#) at ibigay ito sa [ACDC-Education@ph.lacounty.gov](mailto:ACDC-Education@ph.lacounty.gov). Para sa teknikal na tulong sa kung paano kumpletuhin ang listahan ng linya, makipag-ugnayan sa [ACDC-Education@ph.lacounty.gov](mailto:ACDC-Education@ph.lacounty.gov).
- Susuriin ng ACDC Koponan ng Sektor ng Edukasyon ang Listahan ng Linya para sa mga Kaso at Kontak para tukuyin kung ang pamantayan sa pagkalat (outbreak criteria) ay naabot na at makikipag-ugnayan sa paaralan sa loob ng 1 araw ng negosyo para magpayo sa mga susunod na hakbang.
  - Pamantayan ng Pagsiklab: Hindi bababa sa 3 kaso na kumpirmado ng laboratoryo na may sintomas o walang sintomas na COVID-19 sa tagal na 14 na araw sa isang grupo\* na may mga miyembro na epidemiolohikang may koneksyon, hindi magkakasama sa isang sambahayan, at hindi malapitang nakasalamuha ng isa't isa sa labas ng kampus. \*Ang mga grupo sa paaralan ay kinabibilangan ng mga tao na nasa isang karaniwang pagka-miyembro sa paaralan (hal., silid-aralan, kaganapan sa paaralan, ekstrakurikular na aktibidad sa paaralan, akademikong klase, mga koponan ng palakasan, mga club, transportasyon). Ang mga epidemiolohika na koneksyon ay nangangailangan na ang mga nahawaang tao ay naroroon sa parehong kapaligiran sa parehong panahon habang nakakahawa.
  - Kung ang pamantayan ng pagsiklab ay hindi naabot, ang koponan ng ACDC ay papayuhan ang paaralan na ipagpatuloy ang nakagawiang pamamahala ng pagkakalantad.
  - Kung ang pamantayan ng pagsiklab ay naabot, ang koponan ng ACDC ay magbibigay alam sa paaralan na ang isang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan koponan ng pagsiklab sa larangan ng tugon (outbreak response field team) ay isinaaktibo na at ang koponan ng larangan (field team) ay direktang makikipag-usap sa paaralan para maiugnay ang tugon sa pagsiklab.
  - Ang mga K-12 Schools na may isang pagsiklab ay dapat magsara ng 14 na araw alinsunod sa Pansamantalang Nakatuon sa Mas Ligtas sa Tahanan na Utos ng Opisyal ng Kalusugan para sa Pagkontrol ng COVID-19.

*Nirerekomenda:* Bago iulat ang isang kumpol sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ACDC Koponan ng Sektor ng Edukasyon, tutukuyin ng Puwersa sa Pagsunod ng Gawain sa Paaralan kung hindi bababa sa 3 kaso sa kumpol ay mayroong mga epidemiolohika na koneksyon. Ang isang kasangkapan para tumulong sa pagtatasa ng mga epidemiolohika na koneksyon ay makukuha sa: [COVID-19 Pagkakalantad Worksheet ng Pagsisiyasat para sa Sektor ng Edukasyon](#).

## Apendiks A: Mga Hakbang para sa Pamamahala ng Pagkakalantad para sa mga Kaso ng COVID-19 sa Paaralan

<b>1 Kaso</b>	<p><i>Kailangan:</i> Turuan ng paaralan ang kaso na sundin ang Mga Tagubilin sa Pagbubukod sa Bahay laban sa COVID-19.</p> <ol style="list-style-type: none"><li>1) <i>Kailangan:</i> Ipagbibigay-alam ng paaralan sa kaso na ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay direktang makikipag-ugnayan sa kaso para kumuha ng karagdagang impormasyon at maglalabas ng Utos ng Opisyal ng Kalusugan para sa Pagbubukod.</li><li>2) <i>Kailangan:</i> Makikipagtulungan ang paaralan kasama ang kaso para kilalanin ang mga nakasalamuha o kontak sa paaralan.</li><li>3) <i>Kailangan:</i> Aabisuhan* ng paaralan ang mga nakasalamuha o kontak sa paaralan tungkol sa pagkakalantad, at aatasan silang magbukod sa bahay at magpasuri para sa COVID-19.</li><li>4) <i>Kailangan:</i> Ipagbibigay-alam ng paaralan sa mga nakasalamuha o kontak sa paaralan na ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay direktang makikipag-ugnayan sa kanila para kumuha ng karagdagang impormasyon at maglalabas ng Utos ng Opisyal ng Kalusugan para sa Pagbubukod.</li><li>5) <i>Kailangan:</i> Magbibigay ang paaralan ng impormasyon para sa <b>mga kumpirmadong kaso at mga taong nalantad sa lugar</b> gamit ang <a href="#">COVID-19 Kaso at Kontak Listahan ng Linya para sa Sektor ng Edukasyon</a> at ipadadala sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa pag-email sa: <a href="mailto:ACDC-Education@ph.lacounty.gov">ACDC-Education@ph.lacounty.gov</a>. <b>sa loob ng isang araw na may pasok (1 business day).</b></li><li>6) <i>Nirerekomenda:</i> Magpapatadala ang paaralan ng pangkalahatang abiso* upang ipaalam sa mas malawak na komunidad ng paaralan ang pagkakalantad sa paaralan at pag-iingat na ginawa upang maiwasan ang pagkalat.</li></ol> <p>*Ang mga template para sa abiso ng kontak at pangkalahatang abiso ay makukuha sa: <a href="#">COVID-19 Template ng Sulat ng Abiso para sa mga Setting ng Edukasyon</a>.</p>
<b>2 Kaso</b>	<ol style="list-style-type: none"><li>1) <i>Kailangan:</i> Sundin ang mga kinakailangang hakbang inilaan para sa 1 kumpirmadong kaso.</li><li>2) <i>Nirerekomenda:</i> Kung ang 2 kaso ay nangyari sa loob ng 14 na araw ng isa't isa, tutukuyin ng paaralan kung ang mga kaso ay may mga epidemiolohikang (epi) koneksyon. Isang kasangkapan na <a href="#">COVID-19 Pagkakalantad Worksheet ng Pagsisiyasat para sa Sektor ng Edukasyon</a> ay magagamit para tumulong magtasa (mag-assess) sa mga epi koneksyon (epi link). Kung may mga epi koneksyon: Magpapatupad ang paaralan ng mga karagdagang hakbang sa pagkontrol ng impeksyon.</li></ol>
<b>3+ Kaso</b>	<ol style="list-style-type: none"><li>1) <i>Kailangan:</i> Kung ang isang kumpol (cluster) ng 3 o higit pang mga kaso ay nangyari sa loob ng 14 na araw ng isa't isa, aabisuhan <b>agad</b> ng paaralan ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa: <a href="mailto:ACDC-Education@ph.lacounty.gov">ACDC-Education@ph.lacounty.gov</a>.</li><li>2) <i>Nirerekomenda:</i> Bago ang pag-aabiso sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan tungkol sa kumpol, tutukuyin ng paaralan kung hindi bababa sa 3 kaso ang mayroong mga epi koneksyon. Kung <b>walang</b> mga epi koneksyon, magpapatuloy ang paaralan sa nakagawiang pamamahala ng pagkakalantad.</li><li>3) <i>Kailangan:</i> Hihilingin ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan na makumpleto ng paaralan ang <a href="#">COVID-19 Kaso at Kontak Listahan ng Linya para sa Sektor ng Edukasyon</a> upang tukuyin kung naabot na ang pamantayan sa pagsiklab (outbreak criteria). Kung ang pamantayan sa pagsiklab ay <b>naabot na</b>, isasaaktibo ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan Koponan ng Pagsiklab sa larangan ng tugon at makikipag-ugnayan ang isang imbestigador ng pampublikong kalusugan (public health investigator) sa paaralan para isaayos ang imbestigasyon sa pagsiklab.</li><li>4) <i>Kailangan:</i> Ang Paaralan ay dapat magsara ng 14 na araw alinsunod sa Pansamantalang Nakatuon sa Mas Ligtas sa Tahanan na Utos ng Opisyal ng Kalusugan para sa Pagkontrol ng COVID-19. Magbibigay ang paaralan ng mga pagbabago sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan koponan ng pagsiklab sa tugon (outbreak response team) hanggang malutas ang</li></ol>

pagsiklab.